1ST RUNNER UP HUWARANG PAMILYANG BATANGUENO 2017, NAGMULA SA BARANGAY MAKINA

Nakamit ng Pamilya Del Mundo mula sa Barangay Makina, Balete, Batangas ang 1st place bilang Huwarang Pamilyang Batangueno 2017 sa isinagawang pagpaparangal noong ika-27 ng Setyembre 2017 sa Multi-Purpose Hall, Batangas City. Isa sila sa labing tatlong pamilyang mula sa iba't ibang bayan ng lalawigan ng Batangas na nakakuha ng pinakamataas na marka sa isinagawang evaluation. Pinangunahan naman ni Gobernor Hermilando I. Mandanas ang pagbibigay parangal sa mga pamilyang napili.

Nagpasalamat naman sina G. Mariano at Gng. Merlita Del Mundo sa mga guro ng Bayan ng Balete na pumili at nag-endorso para sa nasabing patimpalak.

Ang Huwarang Pamilyang Batangueno ay ipinagdiriwang tuwing buwan ng Oktubre, tampok dito ang pagpili ng magiging representante mula sa bawat bayang sakop ng Lalawigan ng Batangas. Layunin nito ang mabigyang parangal ang mga pamilyang may mabubuting halimbawa at natatanging kaugalian sa paghubog ng kanilang mga pamilya.